
Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**




# 4

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 4:
## Iba't Ibang Uri ng Panghalip na Pamatlig



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

JANUARY — Makugihon
FEBRUARY — Mahigugmaon
MARCH — Matinabangon
APRIL — Matinahuron
MAY — Mahapsay og Malinpyo
JUNE — Maabtik og Musunod sa Iksaktong Oras
JULY — Maantigo og Maabilidad
AUGUST — Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER — Madaginoton
OCTOBER — Matinud-anon
NOVEMBER — Masaligan
DECEMBER — Maalampuon

**Filipino – Ikaapat na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Iba't Ibang Uri ng Panghalip na Pamatlig**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Elma A. Javier

**Editor:** Jade A. Bengua

**Tagasuri:** Jade A. Bengua/Riela Angela C. Josol

**Tagalapat:** Vicente S. Araneta Jr.

**Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI | - Schools Division Superintendent |
| Lourma I. Poculan | - Asst. Schools Division Superintendent |
| Amelinda D. Montero | - Chief Education Supervisor, CID |
| Nur N. Hussien | - Chief, Education Supervisor SGOD |
| Riela Angela C. Josol | -Education Program Supervisor- Filipino |
| Bernie P. Laranjo | - Public Schools District Supervisor |
| Ronillo S. Yarag | - Education Program Supervisor, LRMS |
| Leo Martinno O. Alejo | - Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX - Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065) 212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address:dipolog.city@deped.gov.

## Alamin

Ang nasa ibaba ay ang mga dapat matutunan sa modyul na ito;

Mga Layunin:

- Nagagamit ang iba't ibang uri ng panghalip na pamatlig -patulad, pahimaton, paukol, paari,
  panlunan, paturol sa usapan at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan.
**(F4WG-If-j-3)**

| Modyul 4 | Iba't Ibang Uri ng Panghalip na Pamatlig |
|---|---|

Panuto: Bilugan ang angkop na pang-uri sa pangngalan sa bawat bilang. Gawin ito sa sagutang papel (1/4).

**1. guro**

magaspang malamig masipag

**2. kaarawan**

masaya matamis makakalimutin

**3. Baguio**

makatas malamig mabilis

## Tuklasin

**Panuto:** Hanapin ang panghalip na pamatlig sa mga pangungusap sa ibaba. Sagutin ang mga gabay na katanungan at isulat ito sa sagutang papel. (1/4 na papel)

L1 


*pinagkunan: https://www.123rf.com*

Doon kami nakatira.

L2 

*pinagkunan: https://ph.lovepik.com*

Ito, dala ko na.

L3 


*pinagkunan: https://www.shutterstock.com*

Ganito ang tamang paghawak Maria.

**Mga Gabay na Katanungan**

1. Ano ang mga panghalip na pamatlig sa larawan 1, 2, 3?

2. Ano naman ang mga tamang gamit nito?



## *Suriin*

Ang **panghalip na pamatlig** ay uri ng panghalip na ginagamit na panghalili sa pagtuturo ng tao, hayop, bagay, pook, gawa o pangyayari. Isinasaad ng tatlong panauhan ang layo o distansya ng pangngalang kinakatawan sa taong nagsasalita at sa nakikinig.

### Mga Uri at Kaukulan ng Panghalip na Pamatlig

*Pronominal* – pamalit at nagtuturo sa ngalan ng tao o bagay

**Tatlong Pangkat ng Pronominal:**

**A. Paturol**

- Ang **ito, iyan, iyon** ay ginagamit bilang pamalit sa mga pangngalan o mga pariralang pangngalan na nagsisismula sa *ang* o *sina*. Ito ay madalas gamitin bilang pantukoy sa mga bagay at hindi tao.

  1. Ginagamit ang **ito** kapag ang itinurong bagay ay malapit sa nagsasalita.

     halimbawa:

     | |
     |---|
     | Ang mga aklat ay galing sa silid -aklatan.<br>Ang mga **ito** ay galing sa silid-aklatan. |

2. Ang **iyan** ay ginagamit kapag ang itinurong bagay ay malapit sa kinakausap.

   halimbawa:

   | |
   |---|
   | Ang kumot ay itinago sa kabinet.<br>**Iyan** ay tinatago sa cabinet. |

3. **Iyon** ang inagamit kapag ang itinurong bagay ay malayo sa nag-uusap.

halimbawa:

| |
|---|
| Nakasampay sa labas ang tuwalya.<br>Nakasampay sa labas **iyon**. |

**B. Paari**

- Ginagamit ang **nito**, **niyan** at **niyon** bilang pamalit sa mga pangngalan o mga pariralang pangngalan na nagsisimula sa *ng*. Ito ay ginagamit kapag ang pandiwa ay may aktor pokus (ang kilos ay ginagawa ng tao o bagay)

1. Ang **nito** ay ginagamit kung ang kinaroroonan ng pangngalan ay malapit sa nagsasalita.

halimbawa:

| |
|---|
| Umiinom ako ng gamot.<br>Umiinom ako **nito**. |

2. Ginagamit ang **niyan** kung ang kinaroroonan ng pangngalan ay malapit sa kinakausap.

halimbawa:

| |
|---|
| Nawawala ang remote control ng telebisyon.<br>Nawawala ang remote control **niyan**. |

3. **Niyon** ang ginagamit kung ang kinaroroonan ng pangngalan ay malayo sa nag-uusap.

halimbawa:

| |
|---|
| Kukunin ni Boyet ang susi ng kandado.<br>Kukunin ni Boyet ang susi **niyon**. |

**C. Paukol**

- Ginagamit ang **dito**, **diyan**, **doon** bilang pamalit sa mga pangngalan na hindi tao o mga parirala na nagsisisimula sa sa. Ito ay ginagamit bilang pantukoy sa isang pook,dako o panig na malapit o malayo sa taong nagsasalita at taong kinakausap.

1. Ang **dito** ay ginagamit kung ang kinaroroonan ng pook ay malapit sa nagsasalita.

halimbawa:

Sa Jollibee kami kumakain.
**Dito** kami kumain.

2. Ginagamit ang **diyan** kung ang kinaroroonan ng pook ay malapit sa kinakausap.

halimbawa:

Ako ay ipinganak sa Lungsod ng Cebu.

Ako ay ipinanganak **diyan**.

3. Ang doon ay ginagamit kung ang itinuturo ay malayo sa nagsasalita at sa kausap.

halimbawa:

Sa Cogon Eco Park tayo magbabakasyon sa Disyembre.
**Doon** tayo magbabakasyon sa Disyembre.

**D. Panawag-Pansin**

- Ito ay inagamit sa paghihimaton pagtuturo sa kinalalagyan ng pangngalan na maaring malapit sa nagsasalita , sa kinakausap , o sa pinag- uusapan.

halimbawa ng (h) **eto**, (h) **ayan**, (h) **ayun**:

**Eto** ang hinahanap kong laso.

**Ayan** ang regalo ko sa iyo.

**Ayun** ang asawa mo.

**E. Patulad**

- Ang tawag sa pinaikling anyo ng gaya na nagpapahayag ng pagkakatulad ng tinutukoy ng nagsasalita.

halimbawa ng **ganito** (mula sa gaya nito), **ganyan** (mula sa gaya niyan), **ganoon** (mula sa gaya noon) / **gayon** (mula sa gaya niyon)

**Ganito** ang gagawin natin mamaya.

**Ganyan** ang aklat na nais kong basahin.


**Ganoon** mo ilagay ang mga plato.

**F. Pan**

- Ito ay pinaikling anyo ng **nasa** ay ng anyong *ang ng pamatlig.*

halimbawa ng **narito/nandito, nariyan/nandiyan, naroon /nandoon**

| |
|---|
| Ang pitaka ni Paula ay narito.<br><br>Nandiyan sa silid ang hinahanap mong baro. |



## *Pagyamanin*

**Gawain A**
**Panuto:** Basahin nang mabuti ang usapan.

### Tayo ng Maglaro
(Hiyas sa Wika 4)

**Kiel:** Ito ang bago kong raketa at shuttlecock.

**Jek:** Saan daw binili ang mga iyan?

**Kiel:** Doon sa bayan binili ni Itay. Halika maglaro tayo.

**Jek:** Teka, iyon ba ang mga luma mong raketa?

**Kiel:** Oo, iyon nga. Maari mo itong magamit.

**Jek:** Salamat. Halika na, diyan tayo maglaro sa bakuran ninyo.

**Kiel:** Hindi maari, mahangin dito. Doon na lamang tayo sa gym.

**Jek:** O sige, halika na.

Malaki na ang lamang na puntos ni Jek kay Kiel ngunit patuloy pa rin sila sa paglalaro.

**Kiel:** Kay husay mo talagang maglaro Jek! Natalo mo naman ako.
(Sabay nang pakikipagkamay nito sa kaibigan)

**Jek:** Naku, mag – ensayo ka lamang ay tiyak na mahihigitan mo pa ako.

**Kiel:** Halika na sa bahay at doon ay may hinandang miryenda si Inay.

**Gabay na tanong:**

1. Kailan ginagamit ang ito, iyan, iyon at iba pa.

**Gawain B**

**Panuto:** Tukuyin ang angkop na pamatlig upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel. (1/4)

1. Suot ko na ang bestida na regalo ni ate. (ito, iyan, iyon) ay aking paborito.

2. Nakikita mo ba ang ibon sa puno? (ito, iyan, iyon) ay muntik nang matirador ni Joey kanina.

3. Luis, pakiabot naman ng krayola sa tabi mo. (Ito, Iyan, Iyon) ay dadalhin ko bukas sa paaralan para sa gawain namin.

4. Ang eroplanong (ito, iyan, iyon) sa himpapawid ay masasakyan ko rin baling araw.

5. Hawakan mong mabuti ang basket na puno ng itlog. Baka mabasag ang mga (ito, iyan, iyon)

6. (Doon, Diyan, Dito) po sa pangalawang kanto ang bahay ni Kapitan Roxas.

7. (Dito, Diyan, Doon) sa Boracay kami nagbakasyon noong Abril.


8. (Dito, Diyan, Doon) sa katabi mong mesa ipatong ang mga pinamili natin.

9. Si lola ay darating (dito, diyan, doon) sa bahay natin ngayon.

10. Halika (rito, riyan, roon) sa tabi ko,pupunasan ko ang likod mo.

## *Isaisip*

**Tandaan**: Ang titik **d** sa dito, diyan o doon ay pinapalitan ng titik **r** kapag ito ay ginagamit sa gitna o hulihan ng pangungusap at pagkatapos ng salitang nagtatapos sa **patinig** *(vowel).*



## *Tayahin*

**Panuto:** Kahunan ang panghalip at salungguhitan ang pangngalang pinalitan nito.

1. Bumili ng bigas si Claudia. Dali-dali niyang binigay iyon sa nanay niya.

2. Ang bukid ng aking pinsan ay may mga tanim. Doon kami madalas na magbakasyon.

3. Si Agnes ba ang hanap mo? Hayun at nagdidilig ng halaman.

4. Langka ang prutas na hawak mo Sam. Iyan ba ay kinakain mo?

5. Nasa iyo ang bag ni ate. Kailangan niya iyan kaya akin na.

6. Sampung piso ang inabot mo sa akin. O heto ang iyong sukli.

7. Para sa iyo rin ang aming tahanan. Dito ka na tumira habang naghahanap ka pa ng trabaho.

8. Nagustuhan ko ang luto mo, kaya inubos ko na iyon.

9. May napulot akong pitaka. Ito ba ang hinahanap mo?

10. Tingnan mo ang damit sa estante. Iyan ang tinahi sa akin ni nanay.

# Isagawa / Karagdagang Gawain

**Panuto:** Isulat sa patlang ang tamang panghalip na pamatlig na bubuo sa pangungusap.

Kinukuwento ni Hilda kay Amy ang pagpunta niya sa tiangge kahapon. “Maraming produkto ang binebenta sa tiangge. (1) ______ ko nga nabili ang bag at tsinelas ko,” sabi ni Hilda.

Si Nanay ay galing sa kusina. Pumasok siya sa silid ni Tina. “May inihain akong bananacue. Gusto mo bang kumain (2) ______?” tanong ni Nanay.

Nasa loob ng bahay ang magkapatid na sina Nico at Diego. Narinig nila ang kanilang alaga. “Tumatahol ang aso sa labas. Baka gutom na (3) _______,” sabi ni Nico.

Nakita ni Becky ang kuwintas na suot ng kanyang kaibigan na si Danielle. “Bago ba ang kuwintas na suot mo?” tanong ni Becky kay Danielle. “Ngayon ko lang nakita (4) _________ .”

Pumunta si Jose sa bahay ng kanyang kaklase na si Alex. Nakausap niya ang nanay ni Alex. “Maagang umalis si Alex papuntang paaralan. Magkita na lang daw kayo (5) ________,” sabi ni Ginang Gonzalez.

Hawak ni Ginang Mendoza ang mga bahagi ng nabasag ng plorera. “Sino ang nakabasag (6) __________?” tanong ni Ginang Mendoza sa mga mag-aaral. “Hindi po kami ang nakabasag (7) __________,” sagot ni Ramon.

May hawak na pitaka si Rica at kausap niya ang punong guro. “Nahanap ko po (8) __________ sa pasilyo,” sabi ni Rica. “Siguradong matutuwa ang may-ari (9) __________,” sagot ng punong guro. Ibinigay ni Rica ang pitaka sa punong guro. “Salamat, Rica,” sabi ng punong guro.

Nasa opisina si Abe. Tumawag siya sa bahay at nakausap niya si Belen. “Belen, naiwan ko ba (10) __________ ang cellphone ko?”

# Susi sa Pagwawasto

**Tavahin**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | iyon | bigas |
| 2. | iyon | bigas |
| 3. | iyon | bigas |
| 4. | iyon | bigas |
| 5. | iyon | bigas |
| 6. | iyon | bigas |
| 7. | iyon | bigas |
| 8. | iyon | bigas |
| 9. | iyon | bigas |
| 10. | iyon | bigas |

# *Sanggunian*


Hiyas sa Wika 4

**Hanguang elektroniko**

https://www.goodreads.com/book/show/17984900-anim-na-sabado-ng-beyblade-at-iba-pang-sanaysay

www.smartdraw.com>timeline

https://pinoycollection.com/maikling-kuwento-tungkol-sa-pamilya/#Matulungin-Bata

https://www.123rf.com/photo_22405277_illustration-of-a-boy-pointing-at-the-barnhouse-at-the-farm.html

https://ph.lovepik.com/image-401469287/girl-holding-a-book.html

https://www.shutterstock.com/search/baby+playing+at+home?image_type=vector&sort=newest